Social Security

# Supplemental Security Income (Karagdagang Perang Pangseguridad, SSI)

www.socialsecurity.gov

## Tawagan ang Social Security

### Bisitahin ang aming website

Ang aming website, ***www.socialsecurity.gov***, ay napaka-mahalagang mapag-kukunan ng kaalaman tungkol sa lahat ng mga palatuntunan ng Social Security. Sa aming website, maaari ka ring:

- Mag-apply para sa pagreretiro, pagkakabalda, at mga benepisyong Medicare;
- Makuha ang address ng lokal na tanggapan ng iyong Social Security;
- Repasuhin ang iyong *Statement ng Social Security*;
- Humiling ng kapalit na Medicare card; at
- Maka-hanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon.

Ang ilan sa mga serbisyong ito ay makukuha sa Ingles.

### Tumawag sa aming libreng numero

Dagdag pa sa paggamit ng aming website, maaari ka ring tumawag sa amin ng libre sa **1-800-772-1213**. Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang mga awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika o interpreter upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Sa pangkalahatan, hindi mo na kailangang maghintay nang matagal kung ikaw ay tatawag sa loob ng linggo matapos ang Martes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kang tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

## Содержание

Supplemental Security Income (Karagdagang Perang Pangseguridad, SSI) . . . . . . . . . . 4

Ano ang SSI? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 4

Mga patakaran sa pagkuha ng SSI . . . . . . . . . . . . . . . . . . 5

Paano mag-aplay para sa SSI . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 8

Maaari kang makakuha ng ibang tulong . . . . . . . . . . 10

Supplemental Nutrition Assistance Program (mga food stamp, SNAP) . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 10

Maaaring makakuha ka ng Social Security. . . . . . . . . 12

## Supplemental Security Income (Karagdagang Perang Pangseguridad, SSI)

Ipinapaliwanag ng buklet na ito kung ano ang Supplemental Security Income (SSI), sino ang makakakuha nito at kung paano mag-aplay. Ito'y nagbibigay ng saligang impormasyon at hindi nito binabalak na sagutin ang lahat ng mga katanungan. Para sa ispesipikong impormasyon tungkol sa iyong sitwasyon, dapat mong kausapin ang isang kinatawan ng Social Security.

Ang programa ng SSI ay nagbibigay ng mga kabayaran sa mga taong mababa ang kinikita na 65 taong gulang o mas matanda o na bulag o may kapansanan.

Ang Social Security Administration ang namamahala sa programa ng SSI. Kahit na pinamamahalaan ng Social Security ang programa, ang bayad sa SSI ay hindi nanggagaling sa mga tax sa Social Security. Ang SSI ay binabayaran ng mga pangkalahatang pondo ng U.S. Treasury general funds, hindi ng trust funds ng Social Security.

## Ano ang SSI?

Ang SSI ay nagbibigay ng mga buwanang pagbabayad sa mga taong kaunti ang kinikita at mga pag-aari at na:

- 65 taong gulang o mas matanda;
- Bulag; o
- May kapansanan.

Kung ikaw ay nag-aaplay para sa SSI, dapat mo ring hilingin ang *What You Need To Know When You Get Supplemental Security Income* (*Ano ang Dapat Mong Malaman Kapag Tumatanggap Ka ng Supple-mental Security Income*, Publikasyon Blg. 05-11011). Ang pahayag na ito ay makukuha lang sa English.

Ang mga batang may kapansanan o bulag ay maaari ring makakuha ng SSI. Makakakuha ka ng karagda-gang impormasyon ng *Mga Benepisyo Para sa Mga Batang May Mga Kapansanan* (Publikasyon Blg. 05-10026-TL).

Ang saligang halaga ng SSI ay pareho sa buong bansa. Gayunman, maraming mga estado ang nagdarag-dag ng pera sa saligang benepisyo. Maaari mo kaming tawagan upang malaman ang mga halaga para sa iyong estado.

## Mga patakaran sa pagkuha ng SSI

### Ang iyong kita at mga pag-aari

Maaaring makakuha ka ng SSI depende sa iyong kita at mga pag-aari (ang mga bagay na pag-aari mo)

### Kita

Ang kita ay ang perang natatanggap mo tulad ng mga suweldo, mga benepisyo ng Social Security at mga pensiyon. Kabilang din sa kita ang mga bagay tulad ng pagkain at tirahan. Ang halaga ng kita na maaari mong matanggap bawat buwan habang nakakakuha pa rin ng SSI ay depende rin sa kung saan ka nakatira. Matatawagan mo kami upang malaman ang mga limit sa kita sa iyong estado.

**Hindi isinasama** ng Social Security ang lahat ng iyong kita kapag nagpapasiya kami kung kwalipikado ka para sa SSI. **Halimbawa**, hindi namin isinasama:

- Ang unang $20 bawat buwan ng halos lahat ng kita na natatanggap mo;
- Ang unang $65 bawat buwan na kinikita mo mula sa pagtratrabaho at kalahati ng halaga na lampas ng $65;
- Mga benepisyong Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP), kilala dati bilang mga ‘food stamp’;
- Tirahan na makukuha mo mula sa isang pribadong non-profit na organisasyon; at
- Karamihan ng tulong sa enerhiya sa tahanan.

Kung ikaw ay may asawa, isinasama rin namin ang bahagi ng kita at mga pag-aari ng iyong asawa kapag nagpapasiya kung kwalipikado ka para sa SSI. Kung ikaw ay mas bata sa edad na 18, isinasama namin ang bahagi ng kita at mga pag-aari ng iyong mga magulang.

At kung ikaw ay isang inisponsor na di-mamamayan, maaari naming isama ang kita at mga pag-aari ng iyong isponsor. Kung ikaw ay isang estudyante, ang ilan sa mga sahod o mga scholarship na natatanggap ay **maaaring hindi** isama.

Kung ikaw ay may kapansanan ngunit nagtratrabaho, **hindi isinasama** ng Social Security ang mga sahod na ginagamit mo upang bayaran ang mga bagay o mga serbisyo na tumutulong sa iyo na magtrabaho. Halimbawa, kung kailangan mo ng isang wheelchair, ang mga sahod na gagamitin mo upang bilhin ang wheelchair ay hindi tinuturing na kita kapag nagpapasiya kami kung kwalipikado ka para sa SSI.

At **hindi** isinasama ng Social Security ang anumang mga sahod na gagamitin ng isang bulag para sa mga gastos sa trabaho. Halimbawa, kung ginagamit ng isang bulag ang mga sahod upang magbayad para sa transportasyon papunta at pauwi mula sa trabaho, ang mga suweldong ginamit na pambayad sa gastos sa transportasyon ay hindi itinuturing na suweldo.

Kung ikaw ay may kapansanan o bulag, ang bahagi ng kita na ginagamit (o iniipon) mo para sa training o upang bumili ng mga bagay na kailangan mo upang magtrabaho ay maaaring hindi isama.

## Mga Pag-aari (ang mga bagay na pag-aari mo)

Ang mga pag-aari na isinasama namin sa pagpapasiya kung kwalipikado ka para sa SSI ay ang lupa, mga bank account, salapi, stocks at bonds.

Maaari kang makakuha ng SSI kung ang iyong mga pag-aari ay hindi lalampas ng $2,000. Ang mag-asawa ay maaaring makakuha ng SSI kung ang kanilang mga pag-aari ay hindi umaabot ng $3,000. Kung mayroon kang lupa na sinusubukan mong ibenta, maaaring makakuha ka ng SSI habang sinusubukan mo itong ibenta.

Hindi isinasama ng Social Security ang lahat ng pag-aari mo sa pagpapasiya kung masyado kang maraming mga pag-aari upang maging kwalipikado para sa SSI. Halimbawa, hindi namin isinasama:

- Ang bahay kung saan ka nakatira at ang lupa ng kinaroroonan nito;
- Mga polisa sa life insurance na nagkakahalaga ng $1,500 o mas kaunti;
- Ang iyong sasakyan (karaniwan);

- Mga libingan para sa iyo at sa iyong mga kapamilya; at
- Hanggang $1,500 na mga pondo sa panlibing para sa iyo at hanggang $1,500 na mga pondo sa panlibing para sa iyong asawa.

## Ang ibang mga patakarang dapat mong tuparin

Upang makakuha ng SSI, dapat ay nakatira ka sa Estados Unidos o sa Northern Mariana Islands at dapat ay isa kang mamamayan o nasyonal ng Estados Unidos. Sa ilang mga kaso, ang mga di-mamamayang residente ay maaaring maging kwalipikado para sa SSI. Para sa karagdagang impormasyon, hilingin ang *Supplemental Security Income (SSI) Para Sa Mga Hindi Mamamayan* (Publikasyon Blg. 05-11051-TL).

Kung ikaw ay kwalipikado para sa Social Security o ibang mga benepisyo, dapat kang mag-aplay para sa kanila. Makakakuha ka ng SSI at iba pang mga benepisyo kung ikaw ay kwalipikado para sa dalawa.

Kung ikaw ay nakatira sa ilang mga uri ng mga institusyon, maaaring makakakuha ka ng SSI.

Kung ikaw ay nakatira sa lungsod o sa pahingahang tahanan sa county, sa isang halfway house o ibang publikong institutsyon, karaniwan ay hindi ka makakakuha ng SSI. Ngunit may ilang mga eksepsiyon.

Kung ikaw ay nakatira sa isang residensiya ng komunidad na pinatatakbo ng pamahalaan, na hindi nagsisilbi sa higit sa 16 katao, maaari kang makakuha ng SSI.

Kung ang pangunahing dahilan kung bakit ikaw ay nakatira sa isang publikong institusyon ay dahil nagpupunta ka sa isang aprobadong training na pang-edukasyon o para sa trabaho upang matulungan kang makakuha ng trabaho, maaari kang makakuha ng SSI.

Kung ikaw ay nakatira sa isang publikong emergency shelter para sa mga walang tahanan, maaari kang makakuha ng SSI.

Kung ikaw ay nakatira sa isang publiko o pribadong institusyon at binabayaran ng Medicaid ang higit sa kalahati ng gastos ng iyong pangangalaga, maaari kang makakuha ng maliit na benepisyo ng SSI.

## Paano mag-aplay para sa SSI

Kung ikaw ay nag-aaplay para sa SSI, maaari mong tapusin ang malaking bahagi ng iyong aplikasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov***. Maaari mo rin kaming tawagan nang libre sa **1-800-772-1213** upang humingi ng appointment sa isang kinatawan ng Social Security.

Ang mga magulang o mga guardian ay karaniwang makakapag-aplay para sa mga batang bulag o may kapansanan na wala pang 18 taong gulang. Sa ilang mga kaso, ang mga ibang pangatlong partido ay maaaring mag-aplay para sa mga bata.

Kailangan mong dalhin ang ilang mga bagay kapag nag-aaplay. Kahit na wala sa iyo ang lahat ng mga bagay na nakalista sa ibaba, mag-aplay pa rin. Ang mga tao sa tanggapan ng Social Security ay makaka-tulong sa iyo na makuha ang anumang kinakailangan. Mangyaring dalhin ang:

- Iyong Social Security kard o isang rekord ng iyong numero ng Social Security;
- Iyong sertipiko ng kapanganakan o ibang katunayan ng iyong edad;
- Impormasyon tungkol sa tirahan mo, tulad ng iyong mortgage o iyong kasunduan sa pag-upa at ang pangalan ng landlord;
- Mga payroll slip, mga bank book, mga polisa sa insurance, mga rekord ng pondo sa panlibing, at iba pang impormasyon tungkol sa iyong kita at sa mga bagay na pag-aari mo;
- Ang mga pangalan, mga address at mga telepono ng mga doktor, ospital at mga klinika kung saan ka pumunta, kung ikaw ay nag-aaplay para sa SSI dahil ikaw ay may kapansanan o bulag;
- Patunay ng pagka-mamamayan ng Estados Unidos o hinalal na katayuan ng hindi mamamayan (eli-gible noncitizen status); at
- Ang iyong checkbook o iba pang mga papeles na nagpapakita ng iyong bangko, credit union o nu-mero ng account sa savings at loan.

Kung ikaw ay naaprubahan para sa SSI, ikaw ay dapat na makatanggap ng iyong mga bayad sa pama-magitan ng elektronikong pagpapadala. Ang mga binabayaran ay maaaring gawin sa pamamagitan ng direktang pagdedeposito, sa Direct

Express® na card program o sa isang Electronic Transfer Account. Para sa mga karagdagang impormasyon, bumisita sa ***www.GoDirect.org***.

## Isang paunawa para sa mga taong bulag o may kapansanan

Kung ikaw ay nagtratrabaho, may mga espesyal na patakaran na makakatulong sa iyo. Maaaring tuluyan kang tumanggap ng mga pagbabayad ng SSI habang ikaw ay nagtratrabaho. Kapag mas marami ang perang kinikita mo, maaaring bawasan o itigil ang iyong mga pagbabayad ng SSI ngunit maaaring mapanatili mo ang iyong Medicaid coverage.

Maaaring makapagtabi ka rin ng pera para sa isang layunin sa trabaho o upang mag-aral. Sa ganitong kaso, hindi babawasan ng perang itinabi mo ang halaga ng iyong SSI.

Ang mga taong bulag o may kapansanan na nag-aaplay para sa SSI ay maaaring makakuha ng mga libreng espesyal na serbisyo upang matulungan silang makapagtrabaho. Maaaring kabilang sa mga serbisyong ito ang pagpapayo, training sa trabaho, at tulong sa paghanap ng trabaho.

Makakakuha ka ng karagdagang impormasyon sa *Ang Pagtratrabaho Habang May Kapansanan —Paano Kami Makakatulong* (Publikasyon Blg. 05-10095-TL).

## Karapatang mag-apela

Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa naging desisyon sa iyong kahilingan o habol (claim), maaari mo itong iapela. Ang mga hakbang na maaari mong gawin ay ipinaliwanag sa *Your Right To Question A Decision Made On Your Supplemental Security Income Claim* (*Ang Iyong Karapatang Magtanong Tungkol sa Desisyon na Ginawa sa Iyong Claim*, Publication No. 05-11008. Makukuha lamang sa Ingles).

Maaari mong pangasiwaan ang iyong sariling kaso na SSI kasama ang libreng tulong mula sa Social Security. Ikaw ay mayroon ding karapatan na magkaroon ng kakatawan para sa iyo. Mayroong mga tuntunin tungkol sa kung sino ang maaaring kumatawan sa iyo at kung ano ang magagawa ng iyong kinatawan. Kami ay

makikipagtulungan sa iyong kinatawan tulad ng kung paano kami makikipagtulungan sa iyo. Itanong sa amin kung nais mong malaman kung paano ka makakapag-hirang ng isang tao na siyang kakatawan sa iyo. Maaari mo ring mahanap ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagkakatawanin sa *Ang Iyong Karapatan na Katawanin* (*Your Right to Representation*, Publication No. 05-10075-TL), o maaari mong mahanap ito sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov/representation***.

## Maaari kang makakuha ng ibang tulong

Kung ikaw ay kukuha ng SSI, ikaw ay maaaring makakuha ng tulong mula sa iyong estado o bansa. Halimbawa, ikaw ay maaaring makakuha ng Medicaid, pagkain o ibang mga serbisyong panlipunan. Tawagan ang iyong lokal na kagawaran ng serbisyong panlipunan o tanggapan ng kapakanang panlipunan (public welfare office) tungkol sa ibang mga serbisyong makukuha sa iyong komunidad.

## Supplemental Nutrition Assistance Program (mga food stamp, SNAP)


Kung ikaw ay kukuha ng SSI, ikaw ay maaaring makakuha ng tulong sa pamamagitan ng Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP), kilala dati bilang ‘food stamps’. Kung ang bawat isa sa iyong tahanan ay nag-a-apply para sa o kumukuha ng SSI, maaari kang mag-apply para sa SNAP sa tanggapan ng Social Security.

Kung ikaw ay hindi naninirahan sa isang tahanan na kung saan ang bawat isa ay nag-a-apply para sa o kumukuha ng SSI, bumisita sa ***www.fns.usda.gov/snap*** upang mahanap kung paano mag-apply. Para sa karagdagang impormasyon, humiling ng kopya ng Nutrition Assistance Programs (*Mga Tulong na Programa sa Nutrisyon*, Publication No. 05-10100. Makukuha lamang sa Ingles).

## Medicaid

Kapag tumatanggap ka ng SSI, maaari ka ring makakuha ng Medicaid na tumutulong sa pagbayad ng mga singil ng doktor at ospital. Ang tanggapan ng welfare (kawanggawa) o medikal na tulong sa iyong lugar ay makapagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa Medicaid.

## Tulong sa pagbayad para sa Medicare




Kung tumatanggap ka ng Medicare at mababa ang iyong kinikita at kaunti ang iyong mga pag-aari, maaaring bayaran ng iyong estado ang iyong mga premyum sa Medicare at, sa ilang mga kaso, ang ibang mga Medicare na gastos, tulad ng mga deductible (mababawas) at coinsurance (kabahaging seguro). Ang estado mo lamang ang makapagpapasiya kung ikaw ay kwalipikado. Upang malaman kung ikaw ay kwalipikado, makipag-alam sa tanggapan ng welfare sa iyong estado o sa iyong lugar o sa Medicaid na ahensiya. Upang makakuha informasyon galing sa Centers for Medicare & Medicaid Services (CMS) tawagan ang libreng numero ng Medicare, **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**). Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari mong tawagan ang aming TTY na numero sa, **1-877-486-2048**.

Maaari ka ring makakuha ng karagdagang tulong sa pagbabayad ng mga taunang deductible, buwanang prima at mga co-payment sa de-resetang gamot na may kinalaman sa programa ng Medicare para sa de-resetang gamot (Part D). Maaaring maging-marapat ka para sa karagdagang tulong kung limitado ang iyong kinikita( natatali sa pederal na antas sa pagiging maralita) at mga limitadong pag-aari. Ang mga hangganan sa kinikita at mga pag-aari ay nagbabago bawat taon, at maaari mo kaming tawagan para sa mga kasalukuyang numero.

Kung mayroon kang kapwa Medicaid na may coverage para sa de-resetang gamot at Medicare, Medicare at Supplemental Security Income, o kung binabayaran ng iyong estado ang iyong mga prima sa Medicare, kusa mong makukuha ang karagdagang tulong na ito at hindi mo na kailangang mag-hain pa.

## Maaaring makakuha ka ng Social Security

Kung ikaw ay nagtrabaho at nagbayad sa Social Security nang sapat na katagalan, maaaring kwalipikado ka rin para sa mga benepisyo ng Social Security habang ikaw ay tumatanggap ng SSI.

Ang mga benepisyo sa pagreretiro ay maaaring ibayad sa mga taong 62 taong gulang o mas matanda at sa kanilang mga pamilya. Ang mga benepisyo para sa may kapansanan ay magpupunta sa mga taong may mga kapansanan at sa kanilang mga pamilya. Ang mga benepisyo ng mga nabiyudo/nabiyuda at mga na-ulila ay ibinabayad sa mga pamilya ng mga manggagawang namatay. Kung sa palagay mo ay kwalipikado ka para sa mga benepisyo ng Social Security, tawagan kami upang gumawa ng appointment upang makausap ang isang kinatawan ng Social Security.

www.socialsecurity.gov

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-11000-TL
Supplemental Security Income (SSI) (Tagalog)
August 2012